

MENSAHE SA PASKO

Mula kay Metropolitan SERGIY ng Singapore at Timog-Silangang Asya

Para sa mga Minamahal na Obispo, Kleriko, Monghe, at sa Buong Ortodoksong Sambayanan ng Eksarkado ng Patriarka sa Timog-Silangang Asya

Mga Mahal na Obispo, Kagalang-galang na Ama, at Minamahal na mga Kapatid!

Taos-puso ko kayong binabati sa masaya at nakapagliligtas na kapistahan ng Kapanganakan ni Cristo!

Habang ating inaawit ang himala ng Kanyang pagsilang, na puno ng walang hanggang pag-ibig at awa ng Diyos, nagpapatotoo ang Banal na Simbahan na ang kaganapang ito ay nagingning sa mundo ng liwanag ng karunungan (troparion ng kapistahan) – ang tunay na pagkilala sa Maylalang. Tayo ay mapalad sapagkat ang mga hindi pangkaraniwan at walang hanggang sinag ng liwanag na ito ay nagbigay-liwanag sa bawat isa sa atin.

Ngunit tingnan natin ang ating paligid: ang mundo, na ayon sa Banal na Kasulatan, ay nakahiga sa kasamaan (1 Juan 5:19), ay tila ba nalunod na rito. Alam at nauunawaan natin ito, ngunit hindi tayo dapat magwalang-bahala, at lalong hindi dapat mawalan ng pag-asa. Ang ating tungkulin bilang mga Ortodoksong Kristiyano ay mag-ambag, kahit sa maliit na paraan, sa pagtatagumpay ng kabutihan at liwanag laban sa kasamaan at kadiliman.

Ano ang maaari nating gawin upang matamo ito? Una sa lahat, kailangan nating tandaan na ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga tagapamahala ng kadiliman ng panahong ito, laban sa mga espirituwal na hukbo ng kasamaan sa kalangitan (Efeso 6:12).

Dapat tayong magkaroon ng malinaw na kamalayan na ang diyablo, na pinalayas ng Diyos mula sa langit at orihinal na kaaway ng sangkatauhan, ay patuloy na nakikidigma.

Sa kasamaang-palad, maraming tao ang napapaloob sa kanyang mapanirang gawain. Gayunpaman, tayo na may pananampalataya, na may matatag at makapangyarihang Tagapagtaguyod at Tagapagtanggol, ay maaaring at dapat tumindig laban sa digmaang ito sa pamamagitan ng malalim na espirituwal

na gawain upang itaguyod ang kapayapaan at kabutihan sa mundo—simula sa ating mga sarili, sa ating mga pamilya, at sa ating mga mahal sa buhay.

Tayo ay tinatawag upang labanan ang kasalanan sa pamamagitan ng kabutihan, at ang buhay na walang Diyos sa pamamagitan ng panalangin, pagsisisi, pagbabago, at mga gawa ng awa na iniutos ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

Habang dumarami ang kabutihan sa mundo, kumokonti ang puwang para sa kasamaan, sapagkat, ayon sa mga banal na ama ng Simbahan, ang kasamaan ay hindi umiiral nang mag-isa; ito ay lumilitaw lamang sa mga lugar kung saan nawawala ang kabutihan—katulad ng kadiliman na, na walang sariling pinagmumulan, ay kumakalat lamang kapag humihina ang liwanag.

Kaya't bilang mga sundalo ni Cristo, magdala tayo sa mundo ng liwanag ng pananampalataya at pagmamahal!

Muli at muli, binabati ko kayong lahat sa banal na kapistahan, mga minamahal kong kapatid!

Sumasainyo ng may pagmamahal para sa Cristong Sanggol,

+ SERGIY

Metropolitan ng Singapore at Timog-Silangang Asya,

Patriyarkal na Eksarka ng Timog-Silangang Asya

Kapanganakan ni Cristo

2025

Singapore